# SUGATAN

Text © José María Rodríguez Olaizola. Music © Cristóbal Fones.
Translation to Filipino © Marvin Ong.

**Baguhin Mo ang sugatan kong katawan**
**At hilumin nang Kita'y matagpuan.**

Puso ma'y mapagod nang magmahal,
at mahapo man sa mahirap na daan.
Madapa man sa ating nilalakaran
At mabigo man sa mga inaasam.

Alalahaning may Amang nagmamahal,
Siya'y kasagutan sa lahat ng agam-agam.
Atas Niya sati'y magpahayag
Nang sa pag-ibig Niya'y mayakap ang tanan.

**Baguhin Mo ang sugatan kong katawan**
**At hilumin nang Kita'y matagpuan.**

Diwa man namin ay namimitig
Sa tuksong walang hanggang katunggali
Masaktan man kaming muli't muli,
at pait siyang pumalit sa'ming ngiti.

Sasabay pa rin kami sa iyong kumpas
at maglilingkod pa rin nang may galak.
Hahamakin ang maging ano pa man,
Nang mapag-isa ang siyang watak-watak.

**Baguhin Mo ang sugatan kong katawan**
**At hilumin nang Kita'y matagpuan.**

Manghina man ang aming kalooban,
Walang titinag basta't ika'y nariyan.
Unos man ang hamak ng kasalukuyan
Pag-ibig Mo'y pag-asa sa kinabukasan.

Sugatan man, kami ay tatalima
Tatawirin kahit anong hadlang
Loob Mo'y siyang aming ipamamalas
nang baguhin mo maging ang aming bayan.

**Baguhin Mo ang sugatan kong katawan**
**At hilumin nang Kita'y matagpuan.**